

Pagmamadali: Ang thoracic aortic dissection ay isang medikal na emergency. Ang dami ng pagkamatay ay tumataas ng 1% sa bawat oras na ang pagsusuri at angkop na paggamot o operasyon ay naantala.

Pananakit: Ang matinding pananakit ay ang #1 na sintomas. Humingi ng agarang pangangalagang medikal kung makaramdam ka ng biglaan o matinding pananakit sa dibdib, tiyan, likod o leeg. Ang pananakit ay malimit na matalim, mabulusok, kakaiba, o kaya ay hindi tulad ng anumang sakit na naranasan mo na at sa tingin mo ay may isang bagay na talagang mali.

Maling pagsusuri: Maaaring gayahin ng aortic dissection ang atake sa puso. Ang mga atake sa puso ay mas karaniwan kaysa sa aortic dissection. Kung gayon ang aortic dissection ay dapat na mabilis na isaalang-alang, lalo na kung ang isang pasyente ay may family history o mga katangian ng isang genetic syndrome na nagdudulot sa pasyenteng magkaroon ng aortic aneurysm o dissection.

Imaging: Kunin ang tamang scan o imaging upang matukoy ang aortic dissection. Tatlong uri lamang ng mga pagsusuring imaging ang makakatukoy ng aortic aneurysms o dissection: CT, MRI at transesophageal echocardiogram. Hindi nakikita ang aortic dissection sa pamamagitan ng chest X-ray o EKG.

Mga Salik sa Panganib: Ang mga aortic dissection ay kadalasang nauunahan ng paglaki ng unang bahagi ng aorta na malapit sa puso (o tinatawag na aortic aneurysm). Kung mayroon kang aneurysm, ikaw ay may mas mataas na panganib na magkaroon ng isang aortic dissection.

Mga Salik sa Panganib: Ang isang personal o family history ng thoracic disease ay maglalagay sa iyo sa panganib. Kung ikaw o ang isang miyembro ng iyong pamilya ay may aneurysm o nagkaroon ng aortic dissection, ikaw ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon din ng thoracic aortic dissection. Ikaw at ang iba mong miyembro ng pamilya ay dapat suriin upang matukoy kung ang isang predisposisyon para sa aortic aneurysm at dissection ay tumatakbo sa pamilya.

Mga Salik sa Panganib: Ang ilang mga kondisyong genetic o namamana ay maglalagay sa iyo sa panganib na magkaroon ng nakamamatay na aortic dissection katulad ng: Marfan syndrome, Loeys-Dietz syndrome, Turner syndrome at vascular Ehlers-Danlos syndrome.

Mga Salik sa Panganib: Ang isang sa puso na tinatawag na bicuspid aortic valve disease (dalawang leaflet sa halip na ang karaniwang tatlo) ay maaari din na maglagay sa iyo sa panganib ng aortic dissection. Kung mayroon ka ng isa sa mga ito, kailangan mong isangguni sa iyong doctor upang ikaw ay masuri at masubaybayan.

Mga nagti-trigger: Ang pamumuhay at trauma ay maaaring mag-trigger ng aortic dissection. May mga bagay na maaaring mag-trigger ng aortic dissection, katulad ng injury sa dibdib, matinding pag-igting na nauugnay sa weight-lifting o body building, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, patuloy na mataas na presyon ng dugo o paghinto ng mga kinakailangang gamot sa presyon ng dugo. Madalang na ang pagbubuntis ay maaaring mag-trigger ng aortic dissection. Gayunpaman, ang mga babaeng may aortic aneurysm o connective tissue disorder ay nasa mas mataas na panganib ng aortic dissection sa huling mga buwan ng pagbubuntis at pagkapanganak at dapat na maingat na subaybayan ng isang espesyalista sa puso (o cardiologist).

Pag-iwas: Ang pagsangguni sa iyong doctor at medikal na pangangalaga ay mahalaga upang maiwasan ang aortic dissection. Kung mayroon kang thoracic aortic aneurysm o dissection, ang pamamahalang medikal katulad ng pagkontrol sa presyon ng dugo, regular na imaging ng iyong aorta, at pag-konsulta sa espesyalista sa genetic ay lubos na inirerekomenda. Makipag-usap sa iyong doktor.